



Karaniwang mga alalahanin tungkol sa mga COVID-19 na Bakuna

Ito ang pinaka napapanahong impormasyon mula Marso 2021. Ito ay nirepaso ng mga doktor at ay medikal na tama.

Kaligtasan sa pagsubok ng bakuna

Ang pananaliksik sa COVID-19 na bakuna ay nakatanggap ng maraming pera, nang mabilis, mula sa maraming iba-ibang mga bansa. **Walang mga hakbang na nilaktawan upang gawin ang bakuna.** Ang mga pagsubok sa COVID-19 na bakuna ay nagkaroon ng **30,000 hanggang 45,000 mga tao** kaya kami ay mayroong maraming impormasyon.

Mga Hindi Kanais-nais na Epekto

Ang karamihan sa mga tao ay walang mga hindi kanais-nais na epekto mula sa mga bakuna. Ang ilang mga tao ay nakakuha ng sakit sa lugar ng iniksiyon, pagkapagod, sakit ng ulo, pagsakit ng kalamnan/kasukasuan, lagnat, o panginginginig (katulad ng sa ibang mga bakuna). Ang napakakaunting mga tao ay maaaring makakuha ng isang alerhiyang reaksiyon. **Ang iba pang mga hindi kanais-nais na epekto ay bihira; Patuloy na susuriin ng Health Canada ang anumang mga pangmatagalang epekto.**

mRNA laban sa DNA

Hindi babaguhin ng mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ang iyong DNA. Ang mga bakunang ito ay gumagamit ng isang sangkap na tinatawag na messenger RNA (**mRNA**). Ang mRNA ay may mga tagubilin na gumawa ng isang protina na natagpuan sa virus. Inaalerto nito ang iyong katawan na gumawa ng mga antibody, na pagkatapos ay inaatake ang protinang ito at pinapatay ang virus. Ang mga antibody ay nananatili sa ating katawan, ang **mRNA ay hindi.**

Patuloy na magsuot ng mga maskara

Kailangan mo pa ring magsuot ng isang maskara at panlipunang magdistansiya pagkatapos na makakuha ng bakuna. Mayroong maliit na pagkakataon na ikaw ay



maaari pa ding magkasakit mula sa COVID-19 o magbigay ng COVID-19 sa ibang mga tao pagkatapos na makakuha ng bakuna.

Pagbubuntis at mga sanggol

Ang mga bakuna ay hindi nakakapekto sa pagbubuntis. Ang mga antibody na ginawa ng bakuna ay inaatake ang virus, hindi ang iyong katawan. Kami ay mayroong impormasyon mula sa mga taong nagkaroon ng COVID-19 at ay buntis na **hindi ito nakakaapekto sa kakayahan magbuntis o nagiging sanhi ng isang pagkalaglag sa hinaharap.**

Walang microchip

Ang mga bakuna ay hindi naglalagay ng isang chip sa ating mga katawan. Walang mga maliliit na kompyuter, mga microchip, o mga aparato ng pagsubaybay sa mga bakuna. **Hindi maaaring subaybayan ng mga ito ang mga tao o kumuha ng personal na impormasyon tungkol sa isang tao na nakakuha ng bakuna.**

Mga Sangkap

Ang mga sangkap sa mga bakuna ay ligtas – walang mga **produktong dugo, merkuryo, mga selula ng fetus, baboy, mga produktong hayop, aluminum, o formaldehyde.**

Mga Nakaraang Sangkap sa COVID-19 na impeksyon

Ikaw ay dapat pa ding kumuha ng bakuna kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19. Maaari ka pa ding magkasakit muli sa COVID-19 dahil hindi namin alam kung gaano katagal kang mayroon ng mga antibody pagkatapos ng isang impeksyon.